Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Los Baños
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
2/F, Municipal Building, National Highway, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna, 4030
Tel. Nos. : (049) 530 2981; 530 2952; 530 2953; 530 2818 Local: 2001

BAGONG PILIPINAS

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-APATNAPU'T ANIM (46TH) PANGKARANIWANG PULONG NG 12TH SANGGUNIANG BAYAN NOONG HUNYO 29, 2026 NA GINANAP SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Mga Dumalo :

Kgg. Marlo PJ A. Alipon	Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan
Kgg. Miko C. Pelegrina	Kagawad
Kgg. Aldous Amiel B. Perez	Kagawad
Kgg. Muriel Laisa B. Dizon	Kagawad
Kgg. Leren Mae M. Bautista	Kagawad
Kgg. Benedicto S. Alborida	Kagawad
Kgg. Rand Edouard S. De Jesus	Kagawad
Kgg. Myla E. Alinsunurin	Kagawad
Kgg. Jay G. Rolusta	Kagawad
Kgg. Gaudencio P. Macatangay	Pangulo ng Liga ng Barangay
Kgg. Samantha Nicole A. Banasihan – Ortega	Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Di-Nakadalo :

Wala

KAUTUSAN BLG. 2026-2506

KAUTUSAN NA NAG-AAMYENDA SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 2017-1619 SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPATUPAD NG ONE-SIDE PARKING SCHEME SA MGA ITATALAGANG BAHAGI NG GOV. F.T. SAN LUIS ROAD SA BARANGAY TADLAC, LOS BAÑOS, LAGUNA, NAGTATAKDA NG MGA PANUNTUNAN PARA SA PAGPAPATUPAD NITO, AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.

May Akda : Kgg. Benedicto S. Alborida

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o ang Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991 na tungkulin ng mga lokal na pamahalaan na itaguyod ang pangkalahatang kapakanan at tiyakin ang kaligtasan, kaginhawahan, at kapakanan ng kanilang mga mamamayan;

SAPAGKAT, binibigyang kapangyarihan ng Seksyon 447(a)(5)(v) at (vi) ng Batas Republika Blg. 7160 ang Sangguniang Bayan na magtakda at magsaayos ng paggamit ng mga lansangan, tulay, bangketa, parke, at iba pang pampublikong lugar, gayundin ang magsagawa ng mga hakbang para sa maayos na daloy ng trapiko at pag-aalis ng mga sagabal at harang sa mga pampublikong daanan;

SAPAGKAT, ang Barangay Tadlac ay isa sa mga lugar panirahan sa Bayan ng Los Baños na nakararanas ng pagdami ng mga sasakyan at pangangailangan sa paradahan sa ilang bahagi ng Gov. F.T. San Luis Road;

SAPAGKAT, ang limitadong espasyo ng kalsada sa ilang bahagi ng Gov. F.T. San Luis Road sa Barangay Tadlac ay nangangailangan ng sistematikong pamamahala sa trapiko upang matiyak ang maayos, ligtas, at episyenteng daloy ng mga sasakyan habang isinasaalang-alang ang lehitimong pangangailangan sa paradahan ng mga residente, motorista, at mga establisyemento;

SAPAGKAT, dahil sa limitadong espasyo ng kalsada sa nasabing lugar, kinakailangang magtalaga ng paradahan sa isang panig lamang ng kalsada, partikular sa kanang bahagi nito kapag papasok sa Barangay Tadlac mula sa hangganan ng barangay, upang mapakinabangan ang magagamit na espasyo habang napananatili ang ligtas at malayang daloy ng trapiko;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 2026-57 na pinagtibay noong ika-9 ng Pebrero 2026, magalang na hiniling ng Sangguniang Bayan ng Los Baños sa Punong Bayan ang pagpapatupad ng tatlong (3) buwang eksperimental na operasyon ng one-side parking scheme sa Barangay Tadlac upang masuri ang bisa nito sa pagtugon sa pagsisikip ng trapiko at pagpapabuti ng maayos na daloy ng mga sasakyan sa lugar;

SAPAGKAT, noong ika-30 ng Mayo 2026, nagsagawa ang Sangguniang Barangay ng Tadlac ng isang Pampublikong Pagdinig (Public Hearing) hinggil sa panukalang One-Side Parking at No Parking Policy, na dinaluhan ng mga opisyal ng barangay, mga residente, mga drayber ng traysikel, mga may-ari ng negosyo, at iba pang stakeholder na nagpahayag ng kanilang mga pananaw, mungkahi, at suporta sa nasabing panukala;

SAPAGKAT, sa nasabing Pampublikong Pagdinig, kinilala ng mga residente at iba pang stakeholder ang pangangailangang magpatupad ng mga hakbang sa pamamahala ng trapiko upang mabawasan ang pagsisikip ng daloy ng sasakyan, mapabuti ang kaligtasan ng publiko, mabigyang-daan ang mabilis na pagdaan ng mga sasakyang pang-emergency, at maisulong ang maayos na paggamit ng mga pampublikong lansangan sa Barangay Tadlac;

SAPAGKAT, idineklara ng Kautusang Bayan Blg. 2017-1619 na may pamagat na "An Ordinance in Addendum to Ordinance No. 2017-1603 Amending Section 4 and Section 8 of Municipal Ordinance No. 2011-1076 Entitled: A New Ordinance on Regulations of Vehicular Traffic in the Municipality of Los Baños and Providing Penalties Therefor" ang mga bahagi ng Gov. F.T. San Luis Road bilang No Parking Zone;

SAPAGKAT, kinakailangang amyendahan ang nasabing kautusan upang payagan ang isang maayos at kontroladong one-side parking scheme sa mga itatalagang bahagi ng Gov. F.T. San Luis Road sa Barangay Tadlac nang hindi isinasakripisyo ang kaligtasan ng publiko at maayos na daloy ng trapiko;

KAYA DAHIL DITO, sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Benedicto S. Alborida, na sinang-ayunan nina Kgg. Miko C. Pelegrina at Rand Edouard R. De Jesus, at isang-pusong inaprubahan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan,

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA SA PULONG NA ITO ANG MGA SUMUSUNOD:

SEKSYON 1. **PAMAGAT.** Ang Kautusang Bayang ito ay makikilala bilang "Barangay Tadlac One-Side Parking Ordinance ng Taong 2026."

SEKSYON 2. **PAG-AMYENDA.** Ang Seksyon 4.1.7 ng Kautusang Bayan Blg. 2017-1619 ay inaamyendahan at babasahin bilang:

> "4.1.7 Tadlac-Lalakay-Bambang-Baybayin-Malinta-Mayondon-Timugan-Bayog Road (Gov. F.T. San Luis Road), maliban sa mga bahaging matatagpuan sa Barangay Tadlac na itatalaga para sa one-side parking alinsunod sa Kautusang Bayang ito."

SEKSYON 3. **PAGPAPATUPAD NG ONE-SIDE PARKING SCHEME.** Ipinatutupad sa mga itinalagang bahagi ng Gov. F.T. San Luis Road sa Barangay Tadlac ang isang one-side parking scheme.

Ang kaliwang bahagi ng kalsada, kapag papasok sa Barangay Tadlac mula sa hangganan nito, ay itatalaga bilang pinahihintulutang lugar para sa paradahan. Ang kabilang bahagi ng kalsada ay mananatiling No Parking Zone at dapat manatiling walang anumang sagabal upang matiyak ang tuloy-tuloy, maayos, at ligtas na daloy ng trapiko at mga naglalakad.

SEKSYON 4. **PAGTATALAGA NG LUGAR PARA SA PARADAHAN.** Ang Municipal Engineering Office (MEO), sa pakikipag-ugnayan sa Public Order and Safety Office (POSO) at Sangguniang Barangay ng Tadlac, ay magtatakda, maglilimita, at maglalagay ng mga kinakailangang marka at palatandaan upang matukoy ang simula at hangganan ng mga bahaging sakop ng one-side parking scheme.

SEKSYON 5. **PAGPAPAKAHULUGAN.** Para sa layunin ng Kautusang ito, ang katagang "kaliwang bahagi ng kalsada" ay tumutukoy sa kaliwang bahagi ng Gov. F.T. San Luis Road kapag bumibiyahe mula sa hangganan ng Barangay Tadlac papasok sa loob ng barangay.

SEKSYON 6. **MGA IPINAGBABAWAL NA GAWAIN.** Ipinagbabawal ang mga sumusunod:

a. Pagparada sa bahaging hindi itinalaga para sa paradahan;
b. Double parking;
k. Pagparada sa mga interseksiyon, tawiran ng mga tao, driveway, loading at unloading zones, fire hydrants, utility access points, at iba pang lugar na ipinagbabawal ng batas o regulasyon sa trapiko;
d. Pagparada ng mga abandonado, sirang, o hindi rehistradong sasakyan;
e. Pagparada ng mga trak, bus, trailer, at iba pang mabibigat na sasakyan maliban kung para sa awtorisadong loading at unloading; at
g. Anumang gawaing humahadlang sa maayos na daloy ng trapiko o naglalagay sa panganib ng kaligtasan ng publiko.

SEKSYON 7. **MGA EKSEMPSIYON.** Hindi saklaw ng mga restriksiyong itinakda sa Kautusang Bayang ito ang mga sumusunod:

a. Mga sasakyang pang-emergency tulad ng ambulansiya, trak ng bumbero, sasakyan ng pulisya, militar, at iba pang sasakyan ng pamahalaan na tumutugon sa mga emerhensiya;

b. Mga sasakyang nagsasagawa ng agarang pagkukumpuni ng mga pampublikong utilidad; at

k. Iba pang sasakyang pinahintulutan ng Pamahalaang Bayan sa pamamagitan ng Punong Bayan o ng kanyang awtorisadong kinatawan.

SEKSYON 8. **MGA PALATANDAAN AT MARKA SA KALSADA.** Ang Municipal Engineering Office, sa pakikipag-ugnayan sa Sangguniang Barangay ng Tadlac, ay maglalagay at magpapanatili ng sapat na mga traffic signs, pavement markings, directional signs, at iba pang traffic control devices na kinakailangan para sa epektibong pagpapatupad ng Kautusang Bayang ito.

SEKSYON 9. **PAGPAPATUPAD.** Ang Public Order and Safety Office (POSO), katuwang ang mga deputized traffic enforcers at iba pang awtorisadong tauhan, ang mangangasiwa sa pagpapatupad ng mga probisyon ng Kautusang Bayang ito.

SEKSYON 10. **MGA PARUSA.** Ang sinumang lalabag sa mga probisyon ng Kautusang Bayang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

a. Unang Paglabag – Multang Isang Libong Piso (Php 1,000.00);

b. Ikalawang Paglabag – Multang Isang Libo at Limang Daang Piso (Php 1,500.00);

k. Ikatlo at mga Sumasunod pang Paglabag – Multang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php 2,500.00) o pagkakakulong nang hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o parehong multa at pagkakakulong ayon sa pagpapasya ng Hukuman.

Ang pagbabayad ng multa ay hindi makahahadlang sa paghila, pag-impound, o pag-alis ng sasakyan kung kinakailangan upang alisin ang sagabal at mapanatili ang kaligtasan ng publiko.

SEKSYON 11. **SUGNAY NG PAGHIHIWALAY.** Kung ang alinmang probisyon ng Kautusang ito ay ideklarang labag sa Saligang Batas o walang bisa, ang iba pang probisyong hindi apektado nito ay mananatiling ganap na may bisa at umiiral.

SEKSYON 12. **SUGNAY NG PAGPAPAWALANG BISA.** Ang lahat ng mga kautusan, resolusyon, kautusang ehekutibo, tuntunin at regulasyon, o bahagi nito na sumasalungat sa mga probisyon ng Kautusang ito ay pinawawalang-bisa, inaamyendahan, o binabago alinsunod dito.

SEKSYON 13. **PAGKAKABISA.** Magkakabisa ang Kautusang ito matapos makumpleto ang mga kinakailangan sa paglalathala at pagpapaskil alinsunod sa batas.

PINAGTIBAY : Hunyo 29, 2026

PINATUTUNAYAN KO ang Kawastuhan ng Kautusang ito.

DONA T. ALBORIDA – DIZON
Kalihim para sa Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. MARLO P. A. ALIPON, MPA, REE, RMP
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. NEIL ANDREW N. NOCON
Punumbayan